


ISANG PAGLILITIS

 Ama naming Makalangit, kami ay nagpapasalamat sa Iyo para sa pribilehiyong ito na makapagtipon kami sa silong ng bubungang ito sa hapong ito, minsan pa, upang makinig ng Salita ng Diyos, at upang makita ang kaluwalhatian ng Panginoong Jesus Cristo. Kami'y nasa ilalim ng mga dakilang pag-aasam, Ama. At kami ay dumadalangin na kami'y tatanggapin Mo sa hapong ito, at kikilalanin ang aming mga ginawang pagsusumikap na makaparito upang sambahin Ka. Pagpalain Mo ang bawat kaluluwang narito ngayon. Nauunawaan namin na ang mga mabubuting bagay ay yaong mga mahirap makamtan. Kaya't kami ay dumadalangin, na dahil na rin sa kanilang sakripisyo, ay wala sana ni isa mang maiiwan kundi yaong mapapagaling sa hapong ito. Iligtas ang ligaw at angkinin ang kaluwalhatian para sa Iyong Sarili. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Maaari na kayong umupo.

² Ang aming bubungang yero ang dahilan kung bakit nahihirapan niyong marinig. Kaunting panahon lang ang ating gugugulin, upang makapangusap sa inyo. At pagkatapos tayo'y tutungo kaagad sa hanay ng pananalangin, 'pagkat iyon ang ating itinalaga para sa hapong ito, ang manalangin para sa may-sakit.

³ At ngayon nais kong sabihin ito. Hindi ko alam kung kailan ako nagkaroon ng kasiyahang makasama ang isang kalipunan ng mga tao na higit pa kaysa sa naranasan ko sa kalipunang ito rito. Kayo ay naging tunay na napakainam. Sinasabi ko kay Kapatid na Johnson, kanina lang, na hindi ko alam kung kailan ako higit na nasiyahan sa isang pagtitipon. Sadyang kahanga-hangang espiritu ang nasa inyong kalagitnaan bayan, at ang paniniwala, pananampalataya. Nais kong manatili rito ng mga isang buwan, upang lubusan nating makilala ang isa't-isa. Kadalasan, kung kailan magkakakilala na kayo, panahon na upang magsabing "paalam" at magtungo kung saan.

⁴ Hindi ko kilala kung sino itong abang pulis na narito sa labas, na nakatayo roon sa ulanan, walang panakip sa ulo, nagsisikap na isaayos ang trapikong iyon. Kung mayroon mang nakakakilala sa kaniya, pasalamat n'yo siya para sa akin, maaari ba? Sinasabi ko sa inyo, naging napakahusay niyang magtrabaho.

⁵ Nais kong pasalamat ang lalaking naparito at naglinis ng dakong ito, at isinasaayos ito para rito, upang maidaos ang pagtitipong ito sa araw na ito. Sinasabi ko sa inyo, ang komunidad ay nagkakautang ng malaking parangal sa

mga lalaking may lakas ng loob, na gumawa niyan. Utang ko ang isang malaking parangal sa inyo, para sa mga taong lalabas sa isang araw na tulad nito. Karamihan sa mga tao ay mamabutihin na lamang mananatili sa tahanan. Ako—Aking minamahalaga ang inyong lakas ng loob. At ang tumatayo kayo rito sa kalagitnaan ng lahat ng kahirapan, nauupo sa silong ng bubungang ito, halos hindi marinig kung ano ang nangyayari, ngunit determinado pa ring manatili kahit pa nga gano'n. Iya'y, iya'y ang kagitingan. Akin—Aking gusto iyan. Lagi kong iniisip ang awiting iyon:

Ako ba'y aakayin patungo sa Langit
 Sa isang mabulaklak na higaan ng
 kaginhawaan,
 Samantala'y ang iba'y nakikipaglaban para
 makamtan ang gantimpala,
 At naglayag mula sa madugong karagatan?
 (Oo, mahirap!)

⁶ Ako ay nangaral, minsan hindi pa naglalaon, doon sa Timog Aprika, kung saan ay umuulan ng napakalakas sa panahon ng tag-ulan, hanggang sa ang mga kababaihan, ay nangakaupo kung saan-saan at ang kanilang mga buhok ay tumutulong paibaba, maghapon nang nakaupo doon sa ulang iyon. Hindi pa ako kailanman nakakita ng isang gayong pagtitipon ng pagpapagaling sa buhay ko!

⁷ Doon sa Mexico, hindi pa nagtatagal, naalala kong Ako'y nakatayo't nangangaral doon, habang umuulan ring gaya nito, doon sa ruweda ng torong iyon, maghapon. At ang mga taong yaon ay naroon ng ika-siyam pa lang ng umaga, nakaupo doon sa ulanan. At isang babaeng karga—karga ang isang matigas na bangkay na sanggol sa kaniyang mga bisig. Namatay ang sanggol nung gabing nagdaan, at ang munting sanggol na iyon ay matigas ng nakahiga, sa kaniyang mga bisig. Isang tao ang namigay ng mga prayer card at naipamigay nang lahat ang mga ito. Wala nang mga prayer card. Ako ay pinababa nila sa isang lubid, sa likuran ng ruweda, upang makapasok sa ruweda nang ganito. At si Billy ay patakbong lumapit sa akin. Ang sabi niya, "Tatay, hindi ko alam kung ano ang gagawin ko." Aniya, "Tatlong daang mga tagahatid ang nakatayo roon."

⁸ At ilan ang nakakakilala kay Jack Moore? Halos lahat sa inyo ay nakakakilala kay Jack Moore, dito, palagay ko. Siya'y nakasama ko.

⁹ "At mayroong isang munting babae sa labas doon," ang sabi niya, "na may kargang isang sanggol na patay, na namatay kaninang umaga." Noon ay mga ika-siyam na ng gabi. Namatay nung umagang iyon sa tanggapan ng manggagamot. At nagsabing, "Nais niyang dalhin ang patay na sanggol na iyon doon sa hanay." Aniya, "Wala na akong mga card, at

naayos ko na ang hanay.” Ang sabi niya, “Hindi ko alam.” At noo’y bumubuhos nang sadyang napakalakas ang ulan; nakatayo lamang doon, sa malamig na ulan. Tumingin ako sa labas, at ang mga mumunting Mexicanang kababaihan, ang kanilang mga buhok ay nakalugay, babad na babad, basa, nasa ilalim ng mga ilaw. At halos hindi mo maaninag, ang labas, umuulan nang napakalakas. Buweno, ang sabi ko. . . “Buweno,” ang sabi niya, “hindi ko siya kayang pigilan,” ang sabi, “mayroon tayong—mayroon tayong tatlong daang mga tagahatid.” Aniya, “Siya’y nagpumilit na umakyat sa ibabaw nila, at dala niya ang patay na sanggol na ito.”

¹⁰ Ang sabi ko, “Buweno, Kapatid na Moore, bakit hindi ka pumaroon at manalangin para sa kaniya?” At ako’y nangangaral na ng mga sampung minuto, palagay Ko, mga ganoon. At ang sabi ko, “Bakit hindi ka pumunta’t manalangin para sa kaniya,” Sabi ko, “dahil hindi naman niya ako kilala, o sinuman; maraming mga tagapagsalita.” Ang sabi ko, “Hindi niya ako kilala. Pumunta ka’t manalangin para sa sanggol at masisiyahan na siya.”

¹¹ Ang sabi niya, “O sige, Kapatid na Branham.” Siya ay nagpasimulang bumaba ng plataporma.

¹² At mayroong bunton ng mga lumang damit, *ganiyan* kataas, hanggang doon, o, marahil ay mga dalawampu o tatlung yarda. Isang lalaking bulag ang nakatanggap ng kaniyang paningin, nung gabing nagdaan, kung kaya’t sila ay totoong interesado. Siyamnapung porsiyento sa kanila ay Catolico.

¹³ Nang magkagayo’y nagpasimula akong mangaral. Ang sabi ko, “Tulad ng aking sinasabi, ang pananampalataya ay ang kap- . . .”

¹⁴ Ako ay tumingin, nakatayo sa harapan ko, at naroon ang isang munting Mexicanong sanggol; isang munting mukhang maitim, munting mga gilagid, walang ngipin, kumikinang lamang, ang mga munting gilagid na gano’n. Naisip ko, “Iyon marahil ang sanggol.” Ang sabi ko, “Sandali lamang, Kapatid na Moore. Sabihin mo sa munting babaing iyon na dalhin dito ang sanggol.”

¹⁵ Kung kaya’t binuksan nila, ang silid; wala—walang prayer card. Talagang hindi siya dapat papasukin, ngunit siya ay mapilit. Iya’y—iyan ang nais mo. Kaya’t dinala niya roon ang sanggol.

¹⁶ Ang sabi ko, “Amang makalangit!” Mangyari, hindi nila isinasalin ang panalangin. Ang sabi ko, “Hindi ko alam kung ito nga ang sanggol, o hindi. Basta’t nakita ko lang ang munting sanggol. Ngunit kung ito nga, ito’y ang Iyong pagkilala sa babaeng iyon na gumagawa ng sakripisyong ito.” Ipinatong ko ang aking mga kamay sa munting asul na kumot na iyon, at ang

munting matigas na pormang iyon na mga *ganiyan* ang haba ay nakalaylay sa mga bisig ng babae.

¹⁷ At ang sanggol ay biglang humiyaw at nagpasimulang sumikad, sa abot ng kaniyang... talagang humihiyaw nang todo. Ang sanggol ay... Ngayon, ang munting binibini ay napahandusay at nagsimulang sumigaw, “Padre!” Ang *Padre* ay nangangahulungang “ama,” alam n’yo. Hawak ang mga butil ng rasaryo sa kaniyang kamay.

Ang sabi ko, “Hindi na iyan kailangan.”

¹⁸ At sinabi ko kay Kapatid na Espinoza, isang mangangaral na Pentecostal. Marami, palagay ko, palagay ko ay kilala ninyo siya. Oo, si Kapatid na Espinoza. Sabi ko, “Ngayon, huwag mong isusulat na, ‘ang sanggol na iyon ay patay.’ Hindi ko alam. Ang tanging bagay na nakita ko ay iyon, ang pangitaing iyon.” Ang sabi ko, “Pasundan mo sa isang—isang mensahero ang babaeng iyon, at hayaan siyang umalis at hayaang lagdaan ng manggagamot ang isang pahayag tungkol dito.”

¹⁹ At ang *Voice* ng Christian Business Men ay dala kamakailan lamang ang pahayag na, “Ang manggagamot ay nagbigay ng patotoo na, ‘ang sanggol ay namatay sanhi ng dobleng pulmunya,’ sa kaniyang tanggapan nang umagang iyon, ‘mga labing limang minuto bago mag ika-siyam.’” At iyon ay ika-sampu ng gabing yaon, ibinalik ng Panginoong Jesus ang buhay niya muli, dahilan sa isang sakripisyo. Ngayon, iyan ay napakatotoo! Batid ng Diyos sa Langit na iya’y tama. Ang pinagtibay na pahayag ng manggagamot! Ang pahayag ay nasa mga kamay ngayon ng Christian Business Men, kung saan si Demos Shakarian ay pamban- . . . pandaigdigang tagapamahala. Nasa kaniya ang pahayag na nilagdaan ng manggagamot, “Ang sanggol ay namatay sanhi ng dobleng pulmunya, nung umagang iyon.” At sa ika-sampu ng gabing yaon ang sanggol ay nabuhay, dahilan sa isang pananampalataya ng isang inang nagpumilit na gawin ito. Gayon nga.

²⁰ Katulad lamang ng kung paanong ang munting babaeng Shunamita ay nagpupumilit na makarating kay Elias!

²¹ Katulad lamang ng babaeng Griyegong Seropenisiya ay nagpupumilit na makarating kay Jesus. Alam niyang mayroon siyang anak na babaeng may epilepsi. Kahit pa nga, siya ay hindi isang Judio. Ang rebaybal ay hindi para sa kaniyang bayan. At pagkatapos nang Siya ay makalapit, nang siya ay makalapit sa Kaniya, sinabi Niya, “Hindi marapat Ito para sa Akin na kunin ang tinapay ng mga anak at itapon sa mga aso.” Tinawag siyang aso.

²² Sabi niya, “Iya’y katotohanan, Panginoon.” Masdan kung papaanong ang tunay na pananampalataya ay sumasaksi na ang Salita ay Katotohanan! “Katotohanan, Panginoon, kahit ang

mga aso sa ilalim ng dulang ng panginoon ay nagsisikain ng mga mumo.”

²³ Ang sabi Niya, “Dahil sa kasabihang ito, ang iyong anak ay magaling na.” At nakamtan niya ito sa gayong paraan, sapagkat siya ay mapilit.

²⁴ Salamat sa inyo, nang marami, mga kaibigan. Pagpalain ng Panginoon ang bawat isa, ang mga musikero, si Kapatid na Ungren dito, at lahat ng aking mga kaibigan. Nakikita ko rito ang marami sa aking mga kaibigan na pumarito para sa pagtitipong ito. Nakita ko, ngayon, ang mag-asawang Kapatid na Evans. Hindi ko alam kung naririnig niya ako o hindi. Sila’y taga-roon sa Macon, Georgia. Si Kapatid na Ungren dito at—at lahat silang galing sa Memphis, Tennessee. At mag-asawang Kapatid na Palmer at ang mga kaibigan nila. At Kapatid na Parnell, isang kaibigan kong ministro doon. Nakikita kong nangakaupo sila sa palibot dito ngayon, mga kaibigan, personal na mga kaibigan ko. Ang Kapatid na J.T. rito, mula—mula roon sa Georgia din, ang kaniyang kaibigan. At kami’y tunay na nagpapasalamat na makasama kayong lahat dito, at sa inyong pananampalataya at pagtitiwala. Ilan sa mga taong ito ay naglalakbay pa patungo sa Jeffersonville, Indiana, tuwing Linggong ako’y mangangaral doon, nagpupunta rito upang makinig. Kung magkagayo’y sinasabi ko sa inyo, na, ang sanlibutan ay hindi karapat-dapat sa gayong uri ng mga tao, sa aking paniwala. Iyan ang aking palagay. Kayong mga taong naririto, tayo’y isang malaking pangkat ni Cristo. Tayo ay sumasampalataya sa Kaniya.

²⁵ At ngayon ito ay hindi isang pagtitipon kung hindi ako kukuha ng ilang mga minuto upang basahin ang Salita at magbigay ng ilang mga puna. Pagkat, kung sapat ang katapatan n’yo upang makaupo kayo rito ng ganiyan katagal, nais ko namang maging tapat nang sapat ukol diyan, magbasa ng Kasulatan at magbigay lamang ng isa o dalawang pahayag, at pagkatapos pasisimulan na natin ang hanay ng pananalangin.

²⁶ Ngayon ako’y babasa sa araw na ito mula sa Kasulatan, mula sa Marcos sa ika-16 na kabanata, sa ilang mga sandali lamang, upang kumuha rito ng isang paksa. Sisimulan ko sa ika-14 na talata.

At pagkatapos Niya silang pagwikaan, *sa labing-isa... napakita sa labing isa samantalang... nangakaupong nagsisikain, at pinagwikaan sila sa kawalan nila ng pananampalataya at katigasan ng puso, sapagka’t hindi sila nagsipaniwala sa nangakakita sa kaniya pagkatapos na siya’y magbangon.*

... sinabi niya sa kanila, Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, at inyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal.

27 Ngayon tandaan, “Ang buong sanglibutan, ang Evangeliong ito, sa bawat kinapal.” Ang ila’y nagsasabing Ito ay nagwakas kasabay ng mga apostol. Sinabi Niya rito, na, ang huling bilin Niya sa Iglesia, ay, “Ang buong sanglibutan sa bawat kinapal. At lalakip ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya.” Saan? “Ang buong sanlibutan, sa lahat ng kinapal.” Pansinin, doon Niya ito ibinigay sa Iglesia; ipakita n’yo sa akin kung saan Niya ito inalis. Uh-huh. “Sa buong sanlibutan!”

Ang sumasampalataya . . . ay maliligtas; . . . ang hindi sumasampalataya ay parurusahan.

At lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya; Mangagpapalabas sila ng mga demonyo sa aking pangalan; mangagsasalita sila ng mga bagong wika;

Sila ay magsisihawak ng mga ahas; . . . kung magsiinom sila ng bagay na makamamatay, sa anomang paraan ay hindi makakasama, makapananakit sa kanila; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga may-sakit at sila’y magsisigaling.

Kaya . . . ang Panginoon nga pagkatapos na sila’y mangakausap niya, ay tinanggap sa sa itaas ng langit, at lumuklok sa kanan ng Diyos.

At nagsialis sila . . . nagsipangaral sa lahat ng dako, na gumagawang kasama nila ang Panginoon, . . . pinatotohanan ang salita sa pamamagitan ng mga tandang kalakip. Siya nawa.

28 Ngayon, sumasampalataya ako na ang Kasulatang iyan ay siyang Katotohanan.

29 Bago ko makalimutan ito, sinabi sa akin ng anak kong lalaki kanina, isang munting ginang, at ang kaniyang asawang lalaki buhat sa Arkansas, ay ginawan ako ng isang birthday cake at ibinigay ito sa akin. Marami sa inyo ang nakapagbigay sa akin ng mga card at mga bagay. Ni hindi pa nga ako nagkakapanahon upang harapin ang mga ito. Salamat sa inyo, ng marami. Pagpalain kayo ng Diyos. At umaasa ako na magkaroon kayo ng isang . . . tayong lahat ay magdaraos ng isang Walang Hanggang kaarawan sa dako roon, kung saan uupo tayong lahat, at nais ko’y isang-nais ko’y makasama ko kayo ng tig-isang sampung libong taon ang bawat isa sa inyo, uupo lamang at mag-uusap. At hindi tayo gagahulin ng panahon, upang mag-usap, kaysa nang tayo’y magsimula. Iya’y ang Katotohanan. Ngayon ay pinasasalamatan ko ang lahat ng ginawa ninyo.

30 Ngayon sa loob lamang ng mga sampung minuto, o labin-lima ang pinakamahaba, marahil, kung loloobin ng Panginoon, upang makapagbigay lamang ng ilang pahayag.

31 Nais kong sabihin ito, na tiwala ako sa aking nadarama, sa pangunguna sa aking maparito; kayong mga pastor na nakadarama ng pangungunang itaguyod ang aking pagparito, na nagbigay sa akin ng isang pintong bukas; kayong mga taong tapat na pumarito; at hindi kailanman nagkulang si Jesus, bagkus Siya'y nagpapakita sa atin sa tuwina, sa tanda ng oras na ating pinamumuhayan. At nagtitiwala ako na ang Kaniyang muling pagkabuhay, magpakailan pa man, ang Kaniyang Walang Hanggang Katauhan, at ang Kaniyang Presensiya, ang humikayat sa inyong ibigin Siya at paglingkuran Siya nang higit pa kaysa ginawa ninyo sa buong buhay ninyo, upang hangarin sa inyong pusong mamuhay ng tapat sa Kaniya, at mamuhay nang mas malapit, nang mas mainam.

32 Nakarinig ako minsan ng isang kuwentong isinaysay sa akin, tungkol sa nang sila ay may mga alipin pa dito sa Timog.

33 Dati nilang ipinagbibili ang mga ito sa pamilihan, at sa iba pa, katulad ng ginagawa nila noong panahon ng mga alipin. Sila, ang mga Boer, ang nagdadala sa kanila, dito sa Pulo ng Jamaica. Pagkatapos ang mga tagarito naman, ay ipinupuslit nila ang mga ito papasok. At binibili nila ang mga ito bilang mga alipin, na legal naman noong mga araw na iyon. At sila ay paroroon at bibilhin sila, at makakahanap sila ng mga mahuhusay at matipuno na mga alipin, aba'y, kanilang. . . Palalahian nila ang malaki't matipuno na aliping iyon sa isang malaking bulas na babae; na makakapagpaosbong ng mas mahusay na lalaki. Iyan ang dahilan kung bakit sila'y mga kampeon sa mundo ngayon, sa mga bagay, sa kanilang pakikipaglaban. Inilahi lang sila, katulad ng baka, at iba pa.

34 Ngunit pagdaka'y nakasumpong tayo ng isang mamimili, minsan, isang manlalako ang dumating upang mamili sa isang taniman na kung saan sila ay mayroong halos isang daang mga alipin.

35 At ang mga aliping iyon, sila'y malulungkot. Kailangan nilang latiguhin ang mga ito, upang sila ay magtrabaho, sapagkat sila ay malayo sa kanilang tahanan. Sila ay pinuslit palayo, binihag, naparoon sa pagkabihag at ipinuslit palayo. At kailangan nilang latiguhin ang mga ito, upang sila ay magtrabaho, dahil sila ay nasiraan na ng loob; sila'y malayo sa tahanan. Hindi na nila makikita kailanman sina inay at itay. Hindi na nila makikita kailanman ang kanilang asawang babae o mga anak. Ito ay isang malungkot na pangyayari.

36 At ang mamamakyaw na ito, isang araw, ay dumating sa isang taniman na nagsabing, "Gaano karaming mga alipin mayroon kayo?"

Ang sabi, "Mga isang daan." Ang sabi, "Tingnan mo sila."

37 At siya ay lumabas doon, at napansin niya sila, kung paanong silang lahat ay. . . Subalit may isang binata roon, na

hindi na nila kailangang latiguhin. Ang kaniyang dibdib ay nakaliyad. Ang kaniyang baba ay nakataas, tuwid na tuwid. Kung kaya't ang mamamakyaw, ang mamimili, ay nagsabi sa may-ari, ang sabi niya, "Nais kong bilhin ang aliping iyan."

Ang sabi niya, "Ay, hindi. Siya'y hindi ipinagbibili."

³⁸ Sabi niya, "Buweno," aniya, "ang alipin bang iyan, siya ba ang pinuno sa kanilang lahat?"

Ang sabi niya, "Hindi, hindi, hindi siya isang pinuno."

Ang sabi, "Iba ba ang ipinakakain ninyo sa kaniya?"

³⁹ Sabi, "Hindi. Lahat sila ay doon kumakain sa labas, nang sama-sama. Isa lamang siyang alipin."

Ang sabi, "Ano'ng dahila't ibang-iba siya sa mga kasama niya?"

⁴⁰ Sabi niya, "Matagal ko na ring pinagtatakhan iyan sa aking sarili, kung ano'ng ipinagkaiba niya. Ngunit isang araw ay natuklasan ko. Doon sa kanilang lupang tahanan, na kanilang pinagmulan, sa Aprika, ang kaniyang ama pala ang hari ng tribo. At kahit nga, isa siyang dayuhan, alam niyang siya'y anak ng isang hari, at siya'y kumikilos na tulad ng isa."

⁴¹ O, ano'ng magagawa niyan sa atin! Bagama't tayo'y naihiwalay, bagama't tayo'y nasa madilim na daigdig ng 'di pananampalataya, at ng dalamhati at karamdaman at kamatayan, gayunman kumilos tayong tulad ng mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos. Tayo ay mga anak na lalaki at babae ng Hari. Dapat nitong baguhin ang ating mga pag-uugali, lahat ng bagay. Kahit na ano pa ang lahat nang nasa sanlibutan, marapat nating panghawakan ang mga karapatan ng Diyos. Alalahanin nating hindi ito ang ating tahanan. Tayo'y hindi taga-rito sa bansang ito. Tayo'y hindi sa sanlibutang ito. Tayo'y isinilang ng Espiritu ng Diyos, na nasa Kaitaasan.

⁴² Papunta, kasama ang aking asawang, hindi pa katagalan, sa isang tindahang groseri. Nakakita ako ng isang kakaibang bagay noong panahon ng tag-araw, sa Indiana, nakasuot ng bestida ang isang babae. Hindi na sila nagsusuot ng mga ganiyan, alam n'yo. Kaya't ang sabi ng asawa ko . . . sabi ko, "Aba, tumingin ka roon. Cristiano kaya ang babaeng iyon?"

⁴³ Ang sabi nila, "Aba, lahat ng mga babaeng ito; kilala ko ang ilan sa kanilang naririto, umaawit sila sa koro sa mga simbahan." Aniya, "Bakit nga ba, Bill, ginagawa nila iyon?" Ang sabi ko, siyempre . . ."At—at ang mga kasama natin ay hindi gumagawa niyan."

Ang sabi ko, "Siyempre. Tayo'y taga ibang bansa."

Ang sabi niya, "Mga Amerikano tayo, hindi ba?"

44 Ang sabi ko, “Ay, hindi. Nagkakampo lamang tayo rito. Hindi tayo mga Amerikano.” Ang sabi ko, “Tingnan mo, tayo’y galing sa Kaitaasan.”

45 Ang Espiritu Santo ay nanaog, pinag-isa ang mga puso natin sa Diyos, at nagpahayag tayo, katulad ni Abraham, “Tayo’y mga manlalakbay at mga dayuhan.” Hindi ito ang ating tahanan. “Tayo’y naghahanap ng isang bayan na Ang nagtayo at gumawa ay ang Diyos,” na nagmumula sa Kaitaasan. Oo, tayo ay mga anak na lalaki’t babae ng isang Hari.

46 Ngayon ay may ilalabas akong isang munting bagay na sadyang nakatatawa, sa ilang sandali lamang, ngunit ako’y magkakaroon ng isang paglilitis, isang paglilitis sa hukuman dito.

47 Naririnig ba ninyo ako? Hanggang saan ninyo ako naririnig sa likuran, itaas ang inyong mga kamay. Aba’y, mainam. Sa dulo ng gawing *ito*, naririnig ba ninyo ako? Mabuti. Ako’y nagsasalita ng kasing lakas, halos, nang abot kaya ko.

48 Ako’y magkakaroon ng isang paglilitis sa hukuman, at ang kaso, ay, “Ang Salita ng Diyos, na ipinangako, laban sa sanlibutan.” Ngayon isasaayos natin ito katulad ng isang paglilitis sa hukuman, ng ilang sandali, bago kayo pumarito sa hanay ng panalangin. “Ang Salita ng Diyos laban sa sanlibutan,” ngayon ang kaso.

49 Ang sanhi ng pagkakaparatang na ito ay isang pagsira sa pangako, yaong, “mga pangako ng Diyos,” pinalalabas nilang, “hindi tinupad ng Diyos ang Kaniyang pangako.”

50 Ang abogadong taga-usig sa kasong ito ay si Satanas, at siya ang saksi ng sanlibutan, dahil siya ay taga sanlibutan.

Ang nasasakdal sa kasong ito ay ang Makapangyarihang Diyos.

Ang Saksi para sa nasasakdal sa kasong ito ay ang Espiritu Santo.

Tatawagin natin sila sa isang paglilitis, sa ilang sandali.

51 Ang mga saksi ng taga-usig, na kaniyang ihaharap upang ipagtanggol ang kaniyang kaso, ay sina Ginoong ’Di mananampalataya, Ginoong Mapag-alinlangan, at Ginoong Mainipin.

52 Bibigyan natin sila ng isang paglilitis. Ang hukuman ay tinatawag na sa kaayusan ngayon. Tinawag ng taga-usig ang kaniyang saksi, si Ginoong ’Di mananampalataya. Siya ang unang tatayo.

53 Naririnig pa ba ninyo ako? Magsabi kayo ng “Amen.” [Ang kongregasyon ay nagsabi, “Amen.”] Hayan. Mabuti. Ngayon higit akong nakararamdam ng kaluwagan.

54 Ngayon, nauunawaan ba ninyo, ito'y isang kaso laban sa Diyos, na sina Ginoong 'Di mananampalataya at Ginoong Mapag-alinlangan at Ginoong Mainipin ay tinatawag ang Diyos sa isang-sa isang paglilitis, "dahil hindi Niya tinupad ang Kaniyang Salita," ayon sa kanila. Mabuti.

55 Ang abogadong taga-usig sa kasong ito, lagi niyang ikinakatawan ang estado, kaya ang abogadong taga-usig sa estadong ito ay si Satanas mismo. At siya'y . . .

Sisimulan na natin ang paglilitis.

56 Mabuti, tinatawag nila ang unang saksi sa tuntungan ng saksi, iya'y si Ginoong 'Di mananampalataya. Inirereklamo niya ito, na, "Lahat ng ipinangakong Salita ng Diyos ay hindi totoo."

57 Ngayon Siya ay lilitisin dahil dito. Makinig maigi ngayon. Huwag ninyong palampasin ito.

58 Ipinapahayag niya na ang Marcos 16, na kababasa ko pa lamang, ay naipangaral sa kaniya sa isang tinatawag na Espiritu Santong pagtitipon na kung saan ay sinasabi ng mga iba na sila ay gumagaling. At iyan ay ipinangaral sa kaniya, dalawang taon na ang nakalipas, at wala pa ring pagbabago sa kaniya, na, "Ang mga 'tandang' ito ay hindi sumusunod sa mga nagsisisampalataya." Sinabi niyang ginawa niya ang salaysay na ito laban Dito. Mabuti, umupo siya.

59 Tinatawagan natin ang susunod na saksi. Iya'y si Ginoong Mapag-alinlangan. Kinukuha niya ang Kasulatan ng Salita ng Diyos, sa Santiago 5:14. At sinabi niyang nasa isang lugar siya minsan kung saan ay kanilang inangkin na ang mga matatandang pinuno ay ipinatatawag, at siya ay pinahiran ng langis at ipinanalangin. At iyon ay noong mahigit nang isang buwan ang nakalipas at wala pang naging pagbabago sa kaniya, kaya alam niya na iyan ay mali. Tinatawag niya ang Diyos, at ipinagsasakdal niya ang Diyos, dahil diyan.

60 Ang susunod na saksi ay si Ginoong Mainipin. Siya'y isang nakapangingilabot na lalaki. Mabuti. Si Ginoong Mainipin, inaangkin niya na nabasa niya sa Salita ng Diyos, sa Marcos 11:22 at 23, na kung kayo'y mananalangin, kung mapananampalatayan ninyo ang inyong idinalangin, ay inyo itong kakamtin, mapapasa inyo kung ano ang inyong hiniling." At ang sabi niya ay hiningi niyang mailapag niya ang kaniyang mga saklay, pagkatapos niyang mabasa ang Salita at hingin sa Diyos na pagalingin siya. At hiningi niyang mailapag niya ang kaniyang mga saklay, at limang taon na ang nakalipas mula noon, at hindi niya kailanman nagawang ilapag ang mga iyon mula noon.

61 Kaya kanilang-kaya kanilang ipinapahayag, "Ang Diyos ay hindi makatuwiran sa paglalagay ng mga gayong mapangahas na pangako sa Kaniyang Salita." Ngayon naiintindihan ba ninyo ang kaso ngayon laban sa Diyos? "Siya ay hindi makatuwiran

sa paggawa niyon, ang paglalagay ng gayong mga Kasulatan katulad ng Marcos 11:23, 22 at 23, at Marcos 16, Santiago 5:14, at gayong mga pangakong katulad niyon.” Ipinagsasakdal nila ang Diyos dahil sa isang pagsira sa pangako, na, “Sinira Niya ang Kaniyang pangako, at hindi Niya kayang panindigan Ito.” At ipinagsakdal nila Siya dahil sa paglalagay ng gayon sa Kaniyang Salita, dahil “ang Kaniyang mga sumasampalatayang anak ay hindi napagkilala sa gayong mga pang-aangkin, at ito ay nagiging sanhi ng pag-uusig sa kanila, sapagkat hindi sila napagkilala. Hindi ipinakilala ng Diyos ang Kaniyang Salita matapos Niyang gawin ang pangako.”

⁶² O, mayroon tayong isang tunay na kaso dito ngayon. Tinitingnan ko sila, kung gaano sila kahusay magpatotoo! Gayunpaman, pakinggan ang mga saksi sa kanilang muling pagtayo at nagsasabing, “Gayunpaman, kami ay mga mananampalataya pa rin!” Inaangkin nilang sila mismo ay mga mananampalataya, “At sinasabing, ‘Lalakip ang mga tandang ito sa mga nagsisisampalataya.’ Ang panalanging may pananampalataya ay magliligtas sa may karamdaman.’ Kung sasabihin mo sa bundok na ito, ‘lumipat ka’ at hindi mag-alinlangan sa iyong puso, ito ay magaganap.’ At kami ay mga mananampalataya.” At, gayunpaman, muling tumayo ang isa at nagsabi, “Gayunpaman, Siya, iyon ay ang Diyos, na nangakong ang lahat ng mga bagay ay posible sa mga mananampalataya.” Anong pagsasakdal laban sa Diyos at sa Kaniyang Salita!

⁶³ “Gayunman, muli, inaangkin Niyang Siya ay nabuhay pagkatapos na maipako Siya sa krus. At inaangkin na ang Kaniyang Kasulatan sa Hebreo 13:8, na Siya ay kasing Diyos pa rin ngayon tulad ng Siya ring kahapon, at magiging gayon Siya magpakailanman.” Isipin na lang ang hindi nagbabagong Diyos! At Siya ay ipinagsakdal nila dahil doon, dahil, “Hindi ito gayon,” hindi nila ito mapakilos ng tama. Mabuti.

⁶⁴ “Ganoon din, na inaangkin Niya,” ito ang nagrereklamo ngayon, “inaangkin Niyang kapuwa ang langit at ang lupa ay mabibigo, datapuwat ang Kaniyang Salita ay hindi kailanman mabibigo. Iya’y mga pananalita ng mga sinasabing mananampalataya. Ngayon, anong paratang! Anong reklamo mayroon tayo laban sa Diyos, na, “Ginawa Niya ang mga pahayag na ito, at hindi Siya ganoon kalaki upang panindigan Ito.” Ano sa palagay ninyo iyan?

⁶⁵ At si Satanas ang taga-usig ay nakaupo roon, ikinakatawan ang sanlibutan, upang angkinin ang mga ito, isang pagsira sa Pangako ng Diyos, dahil, “Ang mga taong ito ay nagsidating, napasa mga pagtitipong ito, at-at tinanggap ang mga bagay na ito na sinabi ng Diyos, ay tama, at gayon man ay walang nangyayari sa kanila.”

66 Ngayon, ngayon hayaan natin ang mga saksi ng mga taga-usig ay bumaba kahit sandali lang, alam n'yo. Mayroon silang ibang panig.

67 Ngayon ay tatawagin natin ang saksi ng tagapagtanggol. Ang saksi ng tagapagtanggol sa nasasakdal, iya'y ang Diyos. Ang saksing tagapagtanggol para sa Diyos ay ang Espiritu Santo. Dalhin Siya sa tuntungan. Pakinggan natin ang Kaniyang patotoo.

68 Naku! Una, ay tinatawag Niya ang pansin sa maling paliwanag ng taga-usig sa mga tao tungkol sa Salita ng Diyos. "Iya'y tama, dahil siya rin ang hindi nagbabagong tagapagpaliwanag ni Eva. Siya rin ang hindi nagbabagong tagapagpaliwanag ni Eva. 'O, tiyak na tiyak, *Ito o... Ito* ay mabuti, datapuwat *Iyon* ay hindi. Kita n'yo, yaon ding dating tagapagpaliwanag ang taga-usig na iyon, 'pagkat siya ay isang diablo. Yaon ding isang iyon. . ."

69 Pinagtibay ng Diyos ang Kaniyang mga anak sa likuran ng Kaniyang Salita. At sa pinaka—unang pagkakataon na ikaw ay humakbang mula sa likuran Nito, ika'y isang puntirya para sa diablo. Ngunit hindi ka niya makukuha hangga't ika'y pinagtitibay ng Salita.

70 "Ngayon ang pangako ay. . ." Sinabi Niyang muli, "Nais kong tawagin ang inyong pansin." Aniya. . .Ngayon ito ang saksi ng tagapagtanggol, ang Espiritu Santo. Ang sabi Niya, "Ang pangako ay sa mga mananampalataya lamang, hindi sa mga nagkukunwaring mananampalataya at mga mapag-alinlangan at di mananampalataya. Ang pangako ay sa mga mananampalataya lamang, hindi sa iba." Ngayon, ito ay ang-ito ay ang saksi ng tagapagtanggol. At dapat malaman ng saksi ng tagapagtanggol, dahil Siya ang nagbibigay buhay nito sa kanila. Alam Niya kung ito'y totoo o hindi.

71 Nais din Niyang tawagin ang pansin dito, bilang tagapagbigay buhay ng Salita, tinatawag din Niya ang pansin, na, "Ang Salita ay isang binhi. At kung ang binhi ay mahuhulog sa tama, sa matatabang mga lupa, ito'y magbubunga ng kung ano talaga ang sinabi ng Diyos na ibubunga nito. Datapuwat iya'y hindi nahulog sa mga tamang uri ng lupa, wala roong sapat na lupa, sapat na pananampalataya, upang magawang tumubo ng binhi." Ang palagay ko'y, katulad Niyaong nagbibigay buhay sa binhi, alam Niya dapat ito. Ano sa palagay n'yo? Gaano karami ang naniniwala riyan, magsabi ng, "Amen." [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."—Ed.] Siya ang dapat na nakakaalam. Siya'y isang tunay na saksi ng tagapagtanggol. Mabuti.

72 Ang tagapagtanggol, na sumasaksi, ngayon, ay tinatawagan ang Kaniyang unang saksi. Ngayon, kita n'yo, ang tinawag ng taga-usig ay ang kaniyang unang saksi, si Ginoong 'Di

mananampalataya, si Ginoong Mapag-alinlangan, at si Ginoong Mainipin. Ngayon ang saksi ng tagapagtanggol ay mayroong karapatang tawagin ang isa sa Kaniyang mga saksi. Ang Espiritu Santo ay may karapatang tawagin ito, 'pagkat Siya ang saksing tagapagtanggol para sa Salita ng Diyos.

⁷³ Ngayon, inaangkin ng mga taong ito na sila ay naniniwala, datapuwat walang nalalaman ang Espiritu Santo tungkol dito, at tanging Siya lamang ang makapagbibigay buhay Dito. Ito ay katulad lamang ng inyong katawan dito, kita n'yo, ang inyong katawan ay patay kung wala ang espiritu, kaya patay rin ang Salita ng Diyos kung wala ang Espiritu Santo upang magbigay buhay Dito. Ang espiritu ang nagbibigay buhay sa katawan, at ang Espiritu Santo ang nagbibigay buhay sa Salita. Nauunawaan ba ninyo? Ngayon, alam Niya dapat ito.

⁷⁴ Ngayon tatawagin Niya ang unang saksi. Tingnan natin kung sino ang kaniyang tatawagin. Si Noe, tatawagin Niya si Noe.

⁷⁵ Sinabi ni Noe, "Ang mga araw na aking kinabuhayan ay siyentipikong panahon," 'di hamak na higit na matalino kaysa sa mga nasa araw na ito. "At sinabi ng Panginoong Diyos sa akin na bubuhos ang ulan mula sa langit."

⁷⁶ Hindi pa umulan kailanman, naalala ninyo, sa lupa. At kaya nilang kumuha ng mga instrumento at patunayang walang ulan doon. Tandaan, hindi pa kailanman umulan sa mga araw na iyon. Dinidiligan ng Diyos ang lupa sa pamamagitan ng patubig.

⁷⁷ Ngunit ang sabi niya, "Ulan at pupuksain nito ang sanlibutan. May darating na isang dakilang baha, sa buong sangkalupaan, na tatakip sa kabuuan nito at wawasak dito." Ang sabi niya, "Gayunpaman, tumanggap ako ng utos mula sa Diyos, upang magtayo ng isang arka. Sinimulan ko ang paggawa ng arkang ito, ipinapakita ko ang aking pananampalataya, na ako ay sumasampalataya na Katotohanan ang sinabi ng Diyos, kahit ano pa ang sabihin ng agham tungkol dito." Sa palagay ko ay isa siyang mabuting saksi, hindi ba? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."—Ed.] "At kahit ano pa'ng sabihin ninuman tungkol dito, sinabi ng Diyos na ulan; kung kaya't kung hindi pa kailanman nagkaroon ng ulan doon, kaya Niyang maglagay ng ulan doon. Ako'y magtatayo ng arka, kahit ano pa ang mangyari, maghahanda ako para rito.

⁷⁸ "Bagamat, kasama ko ang lalaking iyon, sa tuntungan ng saksi kani-kanina lamang, si Ginoong 'Di mananampalataya, ay walang tigil ang panlilibak niya sa akin. Pinagtawanan niya ako. At nakita ko si Ginoong Mapag-alinlangan; siya ay dumating at pinagtawanan niya ako. Si Ginoong Mainipin, lahat sila, pinagtawanan nila ako, dahil naniwala ako sa gayong himala. Datapuwat, ako'y naghintay. Nang matapos ko ang arka, ang ulan ay hindi dumating. At ako ay naghintay ng isang

daan at dalawampung taon, bago ito dumating, subalit ito’y dumating.” Amen.

⁷⁹ “Maupo ka, saksi. Iya’y mabuting patotoo. Tawagin natin ang saksi bilang dalawa. Si Abraham, dalhin siya rito.” Katatapos pa lang natin siyang pag-usapan.

⁸⁰ “Gayon din,” ang sabi niya, “narinig ko ang Salita ng Diyos, nang ako ay pitumpu’t limang taong gulang, na nagsalita sa akin ng isang bagay na lubos na salungat sa lahat ng mga katuwiran. Ito ay nakatakdang maging ilang ulit na pagkagaling-galing na himala. Na, ako ay magkakaroon ng asawang babae na animnapu’t limang taong gulang, na magbibigay sa akin ng isang anak na lalaki pagsapit niya nang animnapu’t limang taong gulang. Kami ay pumaroon at inihanda ang lahat ng bagay, sapagkat sinabi ng Diyos ang gayon. Pinanampalatayan namin ito. At ang . . . sinabi ko sa lahat ng aking mga kaibigan na ang mga bagay na ito ay magaganap, pagkatapos. Ito ay kailangang maganap sapagkat sinabi ng Diyos na gayon. Ako ay matiyagang naghintay. Dumating ang unang buwan, kinumusta ko ang aking asawa kung ano ang nararamdaman niya. ‘Walang pagkakaiba.’ Mabuti, nanampalataya ako sa Diyos, sa kabila nito.

⁸¹ “Naroon si Ginoong ‘Di-mananampalataya, si Ginoong Manlilibak, si Ginoong Mapag-alinlangan, at silang lahat ay nakatayo sa paligid. Nilibak at pinagtawanan nila ako, tinawag akong, ‘Ama ng mga bansa,’ gayong wala naman akong mga anak.

⁸² “At ako ay patuloy na nanampalataya bawat buwan, sa bawat buwan ito’y magaganap. Siya ay patanda na nang patanda sa paglipas ng panahon, datapuwat ito. . . pagkalipas ng dalawampu’t limang taon, pinanatiling totoo ng Diyos ang Kaniyang Salita. Ito ay naganap.”

⁸³ “Abraham, iya’y mabuting pagsaksi. Hindi kailanman sinabi ng Salita *kung kailan*; basta sinabi Niyang gagawin Niya. Ang sabi Niya, ‘Pagkakalooban kita ng isang anak, anak na lalaki, sa pamamagitan ni Sara.’ Hindi sa susunod na buwan; hindi Niya kailanman sinabing sa susunod na buwan. Sinabi Niyang gagawin Niya iyon; hindi Niya sinabi *kung kailan*. Sila, ang panalangin, ‘Ipatong nila ang kanilang mga kamay sa may-sakit, sila ay gagaling.’ Iyan ang kaisipan. ‘Ang panalangin na may pananampalataya ay magliligtas sa may-sakit, at babangunin siya ng Diyos.’ ‘Manatili kayo sa siyudad ng Jerusalem hanggang kayo’y mapuspos ng Kapangyarihan, mula sa Itaas.’ Hindi lang isang araw, dalawang oras, sampung araw, sampung taon. ‘Hanggang dumating ang Kapangyarihan!’” Isang tunay na saksi ng nasasakdal, ang mga lalaking ito! “Hindi Niya kailanman sinabi kung kailan kami magkakaroon ng sanggol,” ang sabi ni Abraham, “datapuwat

sinabi Niyang magkakaroon kami nito. At sa lahat ng mga pagkakaton na ang mga pagkatalo ay lumalaki laban sa akin, ako ay nanatiling matatag. Sapagkat, hindi ako nagpahapay sa 'di pananampalataya ng mga tao. Ako ay patuloy na nanghawakan.”

⁸⁴ “Mabuti, Abraham, maupo ka. Ngayon tumawag tayo ng ibang saksi, saksi bilang tatlo. Paparituhin natin si Moises, tingnan natin kung ano ang kaniyang sasabihin.”

⁸⁵ “Ngayon,” ang sabi niya, “Ako ay isang siyentipiko. Apatnapung taon akong nasa ilang, pagkatapos kong mabigo sa tungkulin. Datapuwat isang araw nakatagpo ko ang Diyos. At ang Tinig na iyon, isang Haliging Apoy doon sa ilang, ay nagsabi sa akin, isang Tinig na ayon sa Kasulatan, na ang oras ay malapit na, na narinig Niya ang mga pagtangis ng Kaniyang bayan, naalala ang Kaniyang mga pangako, at Siya ay mananaog upang palayain sila, at ako ang isinusugo Niya para sa tungkuling iyon.

⁸⁶ “Humingi ako sa Kaniyang ng tanda. Binigyan Niya ako ng tanda at binigyan Niya ako ng isa pang tanda; ang dalawang tanda ay magkakaroon ng tinig. Ang sabi niya, ‘Kung magkagayon, kapag hindi nila pinaniwalaan ang mga tandang iyon, magbuhos ka ng tubig (mula sa dagat) sa lupa, at ito’y magiging dugo.’ Iyon na iyon, iyon na ngang lahat ‘yun. Tapos na si Faraon noon, ang sabi, ‘kung, ikaw, hindi nila paniniwalaan ang mga tandang iyon, ang mga tinig na iyon.’

⁸⁷ “At, gayunman, ay ginanap ko ang aking tungkulin, kung paanong sinabi ng Diyos sa aking gawin. Jehova, ang AKO NGA, ang nag-utos sa aking bumaba at gawin ang ganitong tanda. At dinala ko ang tanda sa harapan ni pastor Faraon, at hinagis ko ang aking tungkod. At alam ninyo kung ano? Sinikap niyang gawin itong kahina-hinala, na tila бага ito’y isang uri ng salamangka. At nagpatawag siya ng ilang mga karnal na tagapagpanggap upang pumaroon at tuyain ito, gawin ang gayong bagay. Datapuwat batid ko na Iyon ay Salita ng Diyos, at ako ay naparito upang ilabas ang mga anak na iyon mula roon. Kahit na ano pa’ng mangyari, nanampalataya pa rin ako sa Salita ng Diyos, kaya ako ay patuloy na nanghawakan dito.” Wala nang iba!

⁸⁸ Moises, ika’y isang tunay na saksi! Walang naging pagbabago, sinubukan nilang gayahin ito, at sinikap na gawin itong kamukha nito; siya ay patuloy na nanghawakan. Ang mga salamangkero ay dumating. “Kita n’yo,” ang sabi ni Faraon, “kita n’yo, ito’y mahinang klaseng pakana. Si Beelzebub iyan, isang pambabasa ng kaisipan o kung ano. Mayroon akong tao rito, mga salamangkero, na makagagawa ng katulad niyan, mga manghuhula, upang tuyain ito, anuman ito.” Hindi nito napahinto si Moises. Iyon ay ang Salita ng Panginoon, sapagkat may tandang ayon sa Kasulatan na sumusunod dito.

⁸⁹ “Ay, oo” aniya, “sina Ginoong ’Di Mananampalataya, Ginoong Mapag-alinlangan, at lahat sila, hindi nila ako nilubayan. Datapuwat ako ay nanatiling tapat sa Salitang iyon, nalalaman kong ang Diyos ang nangusap ng Salita. Ang Diyos ang bahala rito; hindi sila. Sinabi Niya sa akin na dadalhin ko ang mga anak na iyon sa lupang pangako. Sinabi Niya sa akin na ilalabas ko sila roon, at ako ay babalik sa bundok na ito kung saan ito naganap. Hindi ko alam kung paano. Binanta—binantaan ni Faraon ang aking buhay, at lahat ay naganap, datapuwat ako ay nanatiling tapat sa pangako. Sa kahulihan, hinigitan ng kapangyarihan ng Diyos ang kaaway, at naidaan ko sila sa Dagat na Pula, tulad sa tuyong lupa. Tinupad ng Diyos ang Kaniyang pangako, at ako ay nagtuloy sa bundok kung saan iniutos Niyang ako ay magtungo, sa dating bundok.” Kita n’yo, nanampalataya Siya na iyon ay Diyos, at siya ay patuloy na nanghawakan.

⁹⁰ Tawagin natin ang saksi bilang apat, kung gayon, dahil tayo’y nagmamadali. Dalhin natin ang saksi bilang apat, si Josue, na humalili kay Moises.

⁹¹ Sinabi ni Josue, “Ako ay pumaroon kasama ang mga tiktik. Ako ay isinugo roon. Labindalawa kaming isinugo; isa mula sa bawat denominasyon.” At ang sabi, “Kami ay naparoon at kami ay nagmasid. At heto sila’t nagbalik, ngatal sa takot, at nagsabing, ‘Aba, nagmukha kaming mga tipaklong, sa tabi ng mga lalaking iyon. Ay, naku, mas malalaki sila kaysa atin! Sila ay malalakas na lalaki, ganoon silang lahat! Mistula tayong mga tipaklong.” At ang sabi, “Sa Kadesh-Barnea, ay pinatahimik ko ang mga tao, ang sabi ko, ‘Sandali lang. Kayo ay nakatingin sa isang higante at sa oposisyon. Ako’y nakatingin sa pangako ng Diyos. Sinabi ng Diyos, ‘Ibibigay Ko sa inyo ang lupain.’” Amen. Napatahimik ko ang mga tao, sapagkat ipinangako ito ng Salita.”

⁹² “Pagkatapos, araw-araw, ay dumarating sila at magsasabi, “Nasaan ang lupain? Nasaan ang gatas at pulot, Josue? Ipinangako mo rin ito. Nasaan ba ito?’ ‘Ang Diyos ang bahala rian.’ At hinayaan Niyang mamatay ang lahat ng ’di mananampalatayang iyon. Iningatan Niya ang aking buhay, nagbangon ng isa pang salinlahi. Makalipas ang apatnapung taon, kinubkob namin ang lupain. Sinabi iyan ng Diyos!”

⁹³ At, alalahanin, dalawang araw lamang na paglalakbay ang layo nila roon. Inantala Niya sila roon sa loob ng apatnapung taon dahil sa kanilang hindi pananampalataya. Ang inyong kagalingan ay maaaring wala nang limang minuto ang layo sa inyo. Ang inyong di pananampalataya ang maglalayo nito sa inyo habang kayo ay nabubuhay. Kailangang panampalatayanan ninyo ito! Siya’y totoong saksi, si Josue. Opo. Kinubkob nila ang lupain, pagkalipas ng apatnapung taon.

94 Napakarami nating mga saksi na maaari nating tawagin, ngunit, kung ako'y inyong ipagpapaumanhin, nais kong maging kasunod na saksi para sa Kaniya. Nais kong ialay ang aking sarili upang maging saksi Niya, kung iyo'y hindi magmumukhang masyadong personal. Ako'y saksi Niya. Nais kong ako ang maging susunod Niyang saksi, ang Kaniyang ika-limang saksi.

95 Papaanong kukuha ang Diyos ng isang amorseko at gagawa ng isang butil ng trigo sa pamamagitan nito? Isang makasalanan, mula sa isang makasalananang pamilya; lahat sila ay may mga baril, at nagkamatay ng nakasuot ang kanilang mga bota; mga lasenggo at kung ano pang mayroon ka. Aba, wala akong kinalaman dito.

96 Ang aking ina na nasa Kaluwalhatian na ngayon, ay nagsabi, na nang oras na ako ay ipinanganak, ang Anghel na iyon ng Panginoon ay pumasok sa bintana at tumayo sa ibabaw ng kuna na kinaroroonan ko. Mayroon silang larawan Nito sa bulwagang siyentipiko ng Sining ng Relihiyon ngayon. Ito'y nabantog sa buong mundo. Ipinangako ng Diyos na gawin ang mga bagay na ito. Nang ako ay munting bata pa, nangusap sa akin ang Tinig, nagsabi, "Huwag kang maninigarilyo, ngunguya, o iinom, o dudungisan man ang iyong katawan sa anumang paraan kailanman. May tungkulin kang gagampanan sa iyong pagtanda." Anupa't natakot ako.

97 Ano'ng malay ko tungkol sa relihiyon? Ang aking pamilya, dati, ay mga Catolico. Paano ko nalaman ang tungkol sa mga bagay na ito? Ako ay hindi pa nakapasok sa simbahan sa tanang buhay ko. Sila ay kapuwa ikinasal sa labas ng simbahan, kaya sila ay basta . . . Ang nanay at tatay, silang dalawa, ay mga Irish, kung kaya sila ay basta na lamang nagpakasal sa labas ng simbahan, at kami ay walang relihiyon.

98 Namuhay kaming halos parang isang pangkat ng mga aso, mayroon kaming munting lumang de hatak na, katulad ng mga nangangampamento, palipat-lipat, kung saan kami makakaita ng munting barang-barong na maaari naming upahan ng tatlo o apat na dolyares sa isang buwan. Ganiyan kami nabuhay.

99 Isang munting batang lalaking nakapaa, nagbubuhos ng tubig sa lalagyan ng alak, isang araw; nang ang Diyos sa Kaniyang kapangyarihan, na patuloy pa ring tinutupad ang Kaniyang Salita, ay bumaba sa anyo ng ipu-ipo at tumayo roon, at nagsabing, "Huwag mong gagawin ang mga bagay na ito." Sinabi Niya ito. Nang ako ay nagbinata na, nagsimula akong makakita ng mga pangitain, mula nang ako ay munting bata pa lamang. Tinakot ako nito. Ako ay naligtas, at ako ay sumapi sa isang simbahang Baptist. Tinanong ko . . .

100 Sinabi ko sa aking mga Baptist na kapatiran ang tungkol sa patungong . . . Hindi ko alam kung ano'ng itatawag dito, isang

pangitain. Tinawag ko itong malik-mata. At ako ay naparoon at sinabi sa mga kapatiran ko ang tungkol doon. Ang sabi nila, “Billy, layuan mo iyan. Iyan ay sa diablo. Iyan ay sa diablo. Huwag mong isasangkot ang iyong sarili sa mga bagay na iyan.”

¹⁰¹ Isang gabi, sa isang maliit na kampamento kung saan ako ay nangingisda, doon sa mga bundok, ako ay nakahiga roon. Mga ika-tatlo ng isang umaga, ay nakakita ako ng isang Liwanag na parating. Katatapos ko pa lang magbasa ng Biblia. Akala ko ay may taong dumarating, na ito ay sumisinag mula sa isang lampara, isang ilawan o isang bagay. Nasa pusod ako ng kagubatan noon. At naisip kong may taong dumarating. Ang Liwanag ay nasa sahig; Ito ay kumalat palaki nang palaki. Narinig kong may Taong naglalakad. Nang mangyari Iyon, Iyon ay isang Lalaki. Siya ay nakayapak. Ang buhok Niya ay hanggang sa balikat Niya, at Siya ay may suot na balabal. At halos mamatay ako sa takot.

¹⁰² Ang sabi Niya, “Huwang kang matakot. Ako ay sinugo mula sa Presensiya ng Panginoong Diyos, upang sabihin sa iyo ang tungkol, sa iyong kakaibang buhay. Huwag mong tangkaing takasan ang bagay na ito. Iyan ang iyong katawagan. At isusugo ka ng Diyos sa iba’t-ibang mga dako sa buong mundo, upang ipanalangin ang mga may-sakit. At kung mapananampalataya mo ang mga tao at magiging tapat, walang anumang makahahadlang sa iyong panalangin.”

¹⁰³ Halos mamatay ako sa takot. Sa katunayan—gano’n nga. Ako ay tumayo roon, at—at Siya ay patuloy sa pagsasalita. Ang sabi ko, “Ginoo, ako ay narito dahil sa mga pangitaing iyon at sa mga bagay na katulad nito.”

¹⁰⁴ Ang sabi Niya, “May tatlong bagay na magaganap. Una, malalaman mo sa pamamagitan ng paghawak ng iyong kamay sa mga tao. Pagkatapos magaganap, pagtapos nito, kung ika’y matapat, ay malalaman mo ang pinakalihim ng kanilang puso.”

¹⁰⁵ At ang sabi ko, “Iyan ang nais kong pag-usapan kaya ako naririto, ako ba ay. . . Sinabi sa akin ng mga kapatiran ko na iyon ay sa diablo. Ako’y Cristiano. Ayaw ko ng anumang bagay na sa diablo.”

¹⁰⁶ Ang sabi Niya, “Katulad ng nangyari noon, doon, gayon din ngayon. Nang sila ay nagtatalo kung ano’ng uri ng mga butones ang dapat nilang ikabit sa kanilang amerikana, at mga bagay na katulad nito, at ang mga ministro ay nagsasabi na si Pablo at ang mga iyon ay binabaligtad ang mundo ano ito? Datapuwat iyon ay isang—isang masamang espiritu na nagsabing, ‘Ang mga lalaking ito ay mga alipin ng Diyos, na nagpapabaligtad ng mundo.’ Na si Pablo at ang mga iyon ay nagsabi. At ang masasamang espiritu ay nagpatotoo na sila ay mga tunay na lingkod ng Diyos.”

¹⁰⁷ Ang sabi Niya sa akin, aniya, “Hindi mo ba naaalala, sa mga Kasulatan, ganiyan din ang ginawa ng ating Panginoon? At iyan

ang ipinangako Niya, sinabi Niyang ito'y muling magaganap sa mga huling araw."

Naisip ko, "Aba, ano nga ba iyon?"

¹⁰⁸ Ang sabi Niya, "Aba, ito'y ang Espiritu ng Panginoong Jesus. Siya ang Salita. At ipinangako Niya ito sa mga huling araw. Ngayon huwag matakot."

¹⁰⁹ Ako ay pumaroon upang magbautismo ng isang lupon ng mga tao sa ilog. Habang ako ay nagbabautismo roon, na kung saan may halos limang libong katao ang nakatayo sa pampang; katanghaliang tapat, ika-dalawa ng hapon; mainit, isa o dalawang linggong hindi umuulan noon; at mga nangakatayo roon sa pampang. Pagdaka'y dumating ang Haliging Apoy pumapaikot mula sa hangin, pababa kung saan ako ay nakatayo, at ang Tinig na nagsasabing, "Kung paanong si Juan Bautista ay isinugo, at upang ihanda ang unang pagdating ni Cristo, ang iyong Mensahe ang maghahanda sa Ikalawang Pagdating ni Cristo."

¹¹⁰ Ibinalita ito ng mga pahayagan, at ito ay kumalat sa Canada sa Associated Press, sa buong mundo, "Isang lokal na ministro, isang Baptist na ministro, na nagbabautismo, at," ang sabi, "isang mistikong Liwanag ang lumitaw sa ibabaw ng kaniyang ulunan." Iyon mismong Isang iyon na nakunan nila ng larawan, at nangyari rin ito sa Alemanya, at—at kung saan—saan. At ito'y nangyari.

¹¹¹ Sinabi sa akin ng aking pastor, ang sabi niya, "Billy, ano'ng uri ng panaginip ang napanaginipan mo? Bakit, alam mong hindi mo nakita . . ."

Ang sabi ko, "May daan-daang nakatayo roon, nasaksihan Ito."

¹¹² At sila ay nagdatingan, nagsabing, "O, iyan ay isang kahibangan sa isipan." Sinisikap sa abot ng kaniyang makakaya, iya'y ang matandang lalaking si 'Di mananampalataya at si Ginoong Mapag-alinlangan.

¹¹³ Ako ay matuwid na nanghawakan sa Salita. Nanatili ako roon, sapagkat alam kong ito ay pangako ng Diyos. Amen. Sa Lucas sa ika-17 kapitulo, Kaniyang ipinangako, "Kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ng Sodoma." Habang nakikita ko ang sanlibutan sa pagsulong nito, alam kong may isang bagay na kailangang mangyari. Nakita ko sa Malakias 4, kung saan sila ay "ipanunumbalik ang Pananampalataya sa Salita," na kung saan sila'y nagsipangalat. Batid kong kailangang mangyari iyon, at ako ay nanatiling tapat sa Salita. Nalaman kong si Jesus Cristo, ngayon, "ang siya ring kahapon, ngayon at magpakailanman."

Kongregasyon, umuulan na. Ako'y magtatapos dito.

¹¹⁴ Nais kong sabihin ito. Isinama ko lahat ang mga saksing ito; ang sarili kong pagsaksi. Marami sa inyo ang mga saksi, ngayong

linggong ito. Ang bagay na iyan ay totoo, ang Mensahe. Paano kong ako . . .

¹¹⁵ Sabi ni Doktor Davis sa akin, “Isang batang lalaki, isang paaralang edukasyong pang-wika, ay mananalangin para sa mga hari at mga kilalang tao, at magpapaalab ng isang rebaybal na iikot sa buong mundo? Billy, maghunus dili ka.”

¹¹⁶ Ngunit, nangyari ito! Nangyari ito! Paglipas ng tatlumpu’t tatlong taon, tapos na ang rebaybal, at ito’y nangyari. Sinabi ito ng Diyos! Ako ang Kaniyang saksi. Hindi Niya sinabi *kung kailan* Niya gagawin ito. Sinabi Niyang gagawin Niya ito! Hinintay ko ang panahon kung kailan ang Salita ay magiging lubos na totoo, inilagay sa aking kamay, tulad ng nangyari, ang isang Tabak at matatarok ko sa pamamagitan niyan ng mga pinakakaisipan ng puso ng mga tao. Naisip ko, “Paano ba iyon mangyayari?” Ako ay naghintay, pinanampalatayanan ko ito, at ito ay naganap. Ang Manlilibak, ang ‘Di mananampalataya, ang Mapag-alinalangan, ang Mainipin, ay patuloy pa ring naghihintay at nagmamasid. Datapuwat ang Diyos, pagkatapos ng tatlumpu’t tatlong taon ay nagpatunay dito, pandaigdigang, sa buong mundo, kung saan ang mga pahayagan, babasahin at mga sulatin ay naisulat, sa buong mundo.

¹¹⁷ Kayo ang maging hukom. Ang inyong isipan ang lupong taga-hatol. Bawat lupong taga-hatol ay kailangang magpasiya. Isasara ko na ang hukuman. Kayo ang maging hukom. Ang inyong isipan ang lupong taga-hatol. At ang mga kilos ninyo pagkatapos nito, sa hapong ito, kapag pinatong namin ang mga kamay namin sa may-sakit, iyon ang magpapakita kung ano ang inyong naging pasiya. Kung paano kayo kikilos matapos kayong maipanalangin, iyan ang magsasabi kung ano ang naging pasiya ng intelektuwal ninyong kaisipan, kung ano’ng nabuong pasiya ng taga-hatol ng inyong kaisipan. Iyan ang magsasabi kung ano talaga, ang ikikilos ninyo mula ngayon.

¹¹⁸ Ipinahahayag ko na si Jesus Cristo ay Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ipinahahayag ko na walang anumang makatatagal sa Kaniyang Presensiya; sa mga lalaki at babae na sasampalatayanan ito. Naniniwala ba kayo rito? [Ang kongregasyon ay nagsabi, “Amen.”—Ed.]

Iyuko natin ang ating mga ulo.

¹¹⁹ Panginoong, Jesus, isang salita lamang mula sa Iyo ngayon, panampalatayanin Mo ang mga tao. Sila’y nakaupo rito. Hindi ko sana gagawin ito, Ama. Datapuwat, sila’y naging napakatiyaga, ako’y humihiling ngayon. Maaari ba, batay sa aking sariling pagsaksi?

¹²⁰ Mababasa namin sa Biblia, ang mga pagsaksi ng mga tauhang iyon, ang pagsaksi ng mga hindi mananampalataya. Nakita namin kung saan nila laging hinahatulan Ito. Ang mga Fariseong iyon, mga relihiyosong tao sa mga kaarawang iyon,

kinundena nila si Jesus Cristo. Datapuwat pinatunayan nito, na Siya ang Anak ng Diyos. Ang sabi nila, “Ginagawa mong Diyos ang Iyong Sarili.” Siya ay Diyos. Siya ay kumilos tulad ng Diyos; Siya ay nangaral tulad ng Diyos; Siya ay nagpagaling tulad ng Diyos; Siya ay nagbangon muli mula sa mga patay tulad ng Diyos; Siya ay pumaitaas sa kaitaasan tulad ng Diyos. Siya ay Diyos. Siya ay darating, ang Diyos. Kami ay naniniwala rito. Sa kalagitnaan ng lahat ng mga kaguluhan, Ikaw ay Diyos pa rin. Ang Iyong pagsaksi ay bukod tangi, Panginoon.

¹²¹ Ako ay nagbigay ng pagsaksi, o nangusap tungkol sa pagsaksi ng ibang mga taong ito. Makailang libong beses na akong maaaring tumawag, sa magkabilang panig; ang mapag-alinlangan, at ang 'di mananampalataya, at ang taong hindi makapaghintay nang matagal. Hindi Mo kailanman sinabi *kung kailan*. Ang sabi Mo, “Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa may-sakit, kung sila ay mananampalataya, sila ay gagaling, kahit pa anong panahon ito. Hindi Mo kailanman sinabi kay Abraham kung kailan isisilang ang sanggol. Hindi Mo kailanman sinabi kay Moises kung anong araw niya dadalhin ang mga tao pabalik sa bundok na iyon. Hindi Mo kailanman sinabi kay Noe kung anong araw babagsak ang ulan. Hindi Mo kailanman sinabi sa kanila ang anumang tiyak na oras; kahit sa amin ay hindi Mo sinabi.

¹²² Ang sabi Mo, “Kung kayo ay makapananampalataya! Kung sabihin ninyo sa bundok na ito, nang hindi kayo nag-aalinlangan sa inyong puso, ay magaganap, kung ano'ng sinabi ninyo. Kung kayo ay sasampalataya!” Sinabi Mo, na, “Ang mga tandang ito ay susunod sa mga magsisisampalataya. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa may-sakit, sila ay gagaling.” Panginoon, inilagay ko itong muli sa kandungan ng mga tao. Nasa kanila na ito.

¹²³ Napatunayan ko sa kanila, sa pamamagitan ng Biblia, at alam naming lahat ito, na ang Pagtubos ay naisagawa na. “Siya ay nasugatan dahil sa aming mga pagsalangsang. Sa pamamagitan ng Kaniyang mga latay, kami ay nagsigaling.” Ito'y pangnagdaan, upang magtikom ng bibig ng mapag-alinlangan, at ang 'di mananampalatayang nagsabing hindi Siya nagbangon, at nagsisikap na gawin itong kung anong uri ng isang Diyos ng kasaysayan sa relihiyon.

¹²⁴ Panginoon, dalangin ko na Ikaw ay magpakita, Siyang muli sa hapong ito sa aming kalagitnaan, at patunayan sa mga tagapakinig na ito na Ika'y narito; yaong Isang nagsabi na ang Salita, ang Diyos na nailagay namin sa isang paglilitis. Para sa akin, Ika'y inaaring-ganap, Panginoong Diyos. Pinatunayan Mo ang Iyong Sarili, Diyos. Gawin Mong makatotohanan ang Iyong Sarili, na bawat lalaki at babae, ang mga abang taong nakaupo rito sa tumutulong kamalig na ito rito, na sinisikap

na marinig ang Salita, gawin Mong napakatotoo Nito sa kanila, Ama. Ipakita Mo na Ikaw ay Diyos sa aming kalagitnaan!

¹²⁵ Kung paano ang mga tao sa lahat ng mga panahon, Ito'y dumating na tila kakaiba, sa mga tao. Nang sila ay nasa dagat nang gabing iyon at—at lumapit Ka sa kanila, inakala nilang iyon ay espiritu. Sila ay . . . Hindi nila alam kung ano iyon, at sila ay sumigaw. Datapuwat ang Tinig na iyon ay nanumbalik, "Ako Ito."

¹²⁶ Ang Tinig ng Kasulatan ay nangungusap, sa hapong ito, na ito na ang oras, ito na ang panahon, ang Sodoma at Gomora at lahat ng mga ibang bagay ay naisasaayos kung paanong ang mga ito ay nakatalagang maisaayos. At narito Ka, ipinapakita sa maharlihang Binhi ni Abraham na Ika'y buhay, at ang Anak ng tao ay naipapahayag sa kaarawang ito ng Sodoma. Makalangit na Ama, ipagkaloob Mo na makita nawa ng mga tao; at, kapag nakita na nila, na tatanggapin nila ang Salita ng Diyos na katulad nang ginawa ni Abraham. Kahit pa kailan ang sanggol ay . . .

¹²⁷ Maaari naming tawagin si Isaias sa eksena, at si Isaias ay maaaring makapagpatotoo. Marahil ay sasabihin niya, "Sinabi sa akin ng Panginoon, 'Isang dalaga ang maglilihi.'" Kung maaari siyang tumayo at makipag-usap sa amin sa hapong ito, walang pag-aalinlangan kung ano'ng sasabihin niya, "Bawat batang Hebreong babae, sa lahat ng aking mga araw, ay umaasang maglilihi sa pamamagitan ng Espiritu Santo; bawat isa. Datapuwat sinabi Mo ito, ipinasulat ito. Ipinakilala Mo ako bilang Iyong propeta. At ang aking mga salitang binigkas ay pinagtibay Mo. Ang mga pangitain ko ay totoo. At pinaniwalaan ito ng mga tao, sa isang salinlahi o dalawa, at pagkatapos ito ay naglaho. Gayon man, pagkatapos ng walong daang taon, isang dalaga ang naglihi at isang sanggol ang isinilang. Ang Kaniyang Pangalan ay "Tagapayo, Prinsipe ng Kapayapaan, Makapangyarihang Diyos, at Walang Hanggang Ama," pagkalipas ng walong daang taon."

¹²⁸ O Panginoong Diyos, ano'ng nangyayari sa mga taong ito, sa amin sa ibabaw ng lupang ito ngayon, upang tawagin ang aming mga sariling maharilkang Binhi ni Abraham? Samantalang, siya ay naghintay ng dalawampu't limang taon, umaasa at—at may pananampalataya laban sa mga imposible, upang makitang nagaganap ang isang himala, at ginawa Mo ito. Gaano pa kaya kung tatanggapin namin ang Iyong Salita, samantalang Ikaw ang di nagbabagong Diyos na nagpakita kay Abraham, na nagpapakita rito sa amin sa makataong laman, sa katulad na paraang ginawa Mo kay Abraham! Diyos, ipagkaloob na kanilang, ang lahat, ay makakakita nito sa hapong ito, at managana. Bawat pagkakataon na ang mga taong dumaraan, at mapatungan sila ng mga kamay, nawa ay umalis sila mula sa gusaling ito na nagagalak, at huwag itong mawala, datapuwat

manampalatayang katulad ni Abraham at lahat ng iba pang mga patriyarka. Sinabi Mong ito ay magaganap, at ito ay magaganap kung sila'y hindi manghihina. Ipagkaloob Mo ito, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

¹²⁹ Ako ay sumasampalataya. Sumasampalataya ako. Sumampalataya kayo! Sumasampalataya ako na si Jesus Cristo ay ang Anak ng Diyos. Sumasampalataya ako na Siya ay nagbangon mula sa mga patay. Nananampalataya akong higit ang Kaniyang kakayanan upang tuparin ang anumang pangako na ipinangako Niyang gawin. Kaya Niyang gawin ang bawat Salitang sinabi Niya, at gagawin Niya ito para sa ating naririto ngayong hapong ito kung tayo ay sasampalataya lamang rito.

¹³⁰ Ngayon, hindi Niya kailanman sinabing, “Magsihayo kayo, at—at baltakin ang mga tao mula sa mga wheel chair, at kunin ang mga may-sakit sa puso at gawin *ito*.” Hindi Niya sinabi iyon.

¹³¹ Ang sabi, “Ipatong ang mga kamay sa may-sakit, at sila ay gagaling.” Iyan ay mga mananampalataya.

¹³² Ngayon, ang Espiritu Santo ang Kaniyang saksing tagapagtanggol rito, alam Niya kung kayo ay naniniwala Rito o hindi. Huwag kayong pariritong nagbabaka-sakali. Kunin ninyo ang pagbabaka-sakaling iyan, at kunin ang pag-asang iyan, at kunin ninyo ang likhang-isip na iyan, at ilagay ito sa ilalim ng inyong mga paa, at sabihing, “Mayroon akong pananampalataya, alam kong ito ay mangyayari!” May isang bagay na magaganap.

¹³³ Ano sa palagay ninyo ito, sa akin, na nakatayo rito, mga kaibigan? Ano sa palagay ninyo, ito sa akin, na nakatayo rito katulad nito ngayon, sa harapan ng mga tagapakinig na minsan ay umaabot sa libu-libo, at daan-daang libo, na mag-aangkin na Siya ay buhay, at sinabi ng Espiritu Niya sa akin na, ang Salita'y ipagkakaloob Niya sa akin? Maaari bang gumawa ang Diyos ng anumang bagay nang hindi Niya kayang itaguyod ito? Tingnan ninyo, sinabi Niyang gagawin Niya ito! Iyan ang Salita. At titindig dito sa harapan ng mga tagapakinig, kung saan ang mga mapag-alinlangan, ang mga 'di mananampalataya, at lahat ng iba pa'y nakaupo, na tigsasampung libu-libo; at magkagayon man ay makita Siya, tawagin Siya sa eksena.

¹³⁴ Naniniwala ba kayong Siya ay naririto? [Ang kongregasyon, “Amen.”—Ed.] Mabuti.

¹³⁵ Isang malapit na tao, Hindi ang mga kaibigan ko ngayon; kung kayo'y-kung kayo'y may-sakit, sinuman, mga kaibigan ko. Gaano karami, dito mismo sa harapan ko, ang nakakaalam na hindi ko kayo nakikilala, itaas ang inyong mga kamay nang *paganito*?...?...?

¹³⁶ Ngayon mayroong ilan dito na nakakikilala sa akin. Kita n'yo, sa banda *rito*, nakikilala nga nila ako dito sa gawing ito.

Iyan ay tama, hindi ba, mga kapatiran, lahat kayong nasa gawi riyang? Kita n'yo? Tumingin kayo rito. Kita n'yo, kilala nila ako.

Datapuwat sa gawi *rito*, hindi ninyo ako nakikilala.

¹³⁷ Gaano karami rito sa hanay na ito ang 'di nakakakilala sa akin, itaas ang inyong. . . Mayroon bang sinuman dito sa mga tatlong hanay na ito, sa banda *rito*, na nakakakilala sa akin; nakakaalam na may nalalaman akong ilang bagay tungkol sa inyo, at lahat ng bagay? Itaas ang inyong mga kamay.

¹³⁸ Nakikilala ba *kita* riyang? Kilala ba *kita*, kapatid na lalaki? Sa palagay ko ay hindi niya ako nauunawaan, 'pagkat hindi ko siya kilala. Hindi niya ako kilala. Hindi. Hindi mo ako kilala, hindi ba, ginoo? Ikaw—ikaw—ikaw kilala mo ba ako? Alam mo bang nalalaman ko kung ano'ng mali sa iyo? Oo, sino ka? Marahil. . . Ay hindi niya ako naunawaan, 'pagkat hindi ko—ko kilala ang taong iyon. Ngayon ano'ng inyong. . . Alam mo ba na nalalaman ko kung anong mali sa iyo; nang hindi ako nagiging espirituwal, kilala lamang kita bilang tao, at nalalaman ko kung ano'ng mali sa iyo? [Ang kapatid na lalaki ay nagsabi, "Hindi."—Ed.] Talagang hindi. Tiyak. Kita n'yo, hindi ko ito malalaman. Kita n'yo, umuulan, at hindi mo ito maunawaan.

¹³⁹ Nawa'y tulungan tayo rito ngayon ng Espiritu Santo. Mabuti, mula sa bahaging *ito* kung gayon. Manampalataya kayo, *rito*.

¹⁴⁰ Ang isang lalaking iyon, ngayon, siya—siya marahil ay hindi ko man lang nakikilala. Ang lalaking nakaupo roon, nakataas ang kaniyang kamay, kita n'yo, sa wari ko'y hindi. . . Hindi niya ako kilala. Alam kong hindi. Datapuwat itinaas lang niya. . . nakataas ang kaniyang kamay, gayunpaman. Hindi ko siya mahahawakan, gayunpaman, kita n'yo. Aking. . .

¹⁴¹ Maging *kayong* lahat. Ang Panginoon ang magpala. May isang taong nananalangin, *dito*. Sumasampalataya ba kayo? Bawat isa sa inyo, nananampalataya ba kayo sa Kaniya? Nang taos sa inyong puso, kayo'y manampalataya.

¹⁴² Narito ang isang munting babae. Hayaan ninyong tumawag ako ng isang tao, magsimulang magsalita, makipag— usap lamang sa isang tao; magawang Ito'y. . . magawang pakilusin ang Espiritu Santo. Ang munting babaeng nakaupo roon, naniniwala ka bang ako'y lingkod ng Diyos? Ikaw, ang munting babaeng nakaupo rito. Kita n'yo? Ikaw, mabuti, dalawa sa inyo ang tumango. Mabuti, tatawagin na lang namin kayong dalawa. Mabuti.

¹⁴³ Ang babaeng narito, itinango mo ang iyong ulo nang *ganito*; ang nakasuot ng rosas na damit. Kung maipababatid sa akin ni Jesus Cristo kung ano ang iyong kabagabagan, o ang iba pang bagay tungkol sa iyo, magagawa mo bang maniwala na ako ay Kaniyang propeta; nalalaman na Siya ito? Ang sakit mo ay nasa

iyong likod. Kung iyan ay tama, itaas mo ang iyong kamay. Kita n'yo? Kita n'yo? Kita n'yo? Mabuti. Kita n'yo? Kita n'yo?

144 Ngayon, ikaw, munting babaeng nasa hulihan, hindi mo naunawaan ito sapagkat masama ang panahon. May-sakit ka sa bituka. O sa puso. . . Sakit sa bituka, ito'y nasa iyong bituka.

Ang babaeng nakaupo sa iyong tabi, ay may-sakit sa puso.

145 Kung iyan ay tama, kayong tatlong babae itaas ninyo ang inyong mga kamay. At ako'y isang estranghero sa inyo, kita n'yo.

Ngayon nananampalataya ba kayo? Manampalataya kayo. Iyan lang ang kailangan ninyong gawin.

146 Isang munting babaeng nakaupo sa gawing ito, na nakatingin mismo sa akin, hindi kita kilala. Ika'y estranghero sa akin. Hindi mo—hindi mo ako kilala. Nakaupo riyan mismo, na may isang munting maputing. . . nakatingin nang tuwiran sa akin. Oo, ikaw. A-ha. Hindi mo ako kilala. Datapuwat ika'y nahihirapan, hindi ba? Ikaw ay tila nababalisa nang bahagya tungkol sa isang bagay. Ito'y ang bukol sa iyong susu. Kung iyan ay tama, itaas mo ang iyong kamay.

Ngayon, sasabihin mo, "Nakakita ka ng bukol." Hindi halata ang bukol.

147 Iyan ba ay tama, walang bukol na nakikita? At hindi kita kilala. Naniniwala ka bang masasabi ng Diyos sa akin kung sino ka? Makakatulong kaya ito sa iyo nang kaunti? Matutulungan kaya nito ang tagapakinig? Ngayon, alalahanin, ang babae ay nagtaas ng kaniyang kamay. Itaas mo ang iyong kamay, Hindi kita kilala. Tulungan nawa ako ng Diyos. Gng. Patterson. Iya'y tama. Naniniwala ka ba?

148 Siya nga pala, biyenang mong babae iyang nakaupo sa tabi mo. Naniniwala ka ba? Nais niyang maipanalangin. Siya ay nagtungo rito para sa layuning iyon. Naniniwala ka bang masasabi ng Diyos sa akin kung ano'ng bumabagabag sa kaniya? Ang kaniyang karamdaman ay nasa kaniyang mga mata at sa kaniyang mga tainga. Kung iya'y tama, itaas mo ang iyong kamay. Iya'y tama.

Siya ay buhay! Siya ay Diyos pa rin.

149 Narito ang isang babaeng nakaupo sa gawing likuran, mayroong epilepsiya. Siya'y may epilepsiya, at mayroon siyang karamdamang ukol sa pagkababae. At ang kaniyang pangalan ay Binibining Woods. Kung iya'y tama, tumayo ka sa iyong mga paa. Tumayo ka sa iyong mga paa kung iya'y tama. Hindi ko kailanman nakita ang babaeng ito sa tanang buhay ko. Iniwan ka na riyan ng diablo, kapatid na babae. Mapasa-Diyos ang Kapurihan! "Kung magagawa mong sumampalataya." Manampalataya ka lamang.

150 Narito ang isang babaeng nakaupo sa gawing ito. Siya ay mahinang-mahina. Siya ay may-sakit. Kagagaling lamang niya

sa pagamutan. Mayroon siyang-mayroon siyang karamdaman sa sikmura. Ang pangalan niya ay Binibining Kitchens. Tumayo ka at manampalataya nang buong puso mo, pinagaling ka na ni Jesus Cristo. Hindi ko pa siya kailanman nakita sa tanang buhay ko.

¹⁵¹ Narito ang isang babae na may-sakit sa apdo. Naniniwala ka ba nang buong puso mo, na pagagalingin ka ng Diyos? Isang Gng. Whittaker, naniniwala ka ba nang buong puso mo, na pagagalingin ka ng Diyos? Kung iya'y tama, tumayo ka sa iyong mga paa, kung tayo nga ay estranghero sa isa't—isa.

¹⁵² Naniniwala ba kayong naririto Siya? [Ang kongregasyon ay nagbunyi at nagsabi, "Amen."—Ed.] Ano iyan? Iyan ang saksing tagapagtanggol ng Diyos. Aleluia! O bayan, manampalataya nang taos sa iyong puso! Iya'y ang saksing tagapagtanggol ng Diyos.

¹⁵³ Paano ninyo Siya hinuhusgahan? Naniniwala ba kayong tama Siya? Naniniwala ba kayong totoo ang Kaniyang Salita? Nangako Siya! Sa buong isang linggo, ipinangaral ko ito, at ipinakita ko ito sa Biblia na gagawin Niya ito sa araw na ito. Naniniwala ba kayong ito'y Katotohanan? Kayo ba ay humahatol? Ano ang inyong paghatol? Naniniwala ba kayo?

¹⁵⁴ Paparituhin ang may mga prayer card dito sa tabing *ito*, tumayo sa gitna ng daanan, sa gawing *ito*, 'yung mga may prayer card, sa hanay na ito sa gawing ito; tumayo sa gitna ng daanan, sa gawing ito. 'Yung mga nasa tabing *iyang*, na may mga prayer card, tumayo sa daanang *iyang*, paganito. Iyong mga nasa kabilang tabi, tumayo sa daanang *iyon*.

¹⁵⁵ 'Yung mga nariyan sa itaas, na may mga prayer card lumapit sa harapan.

¹⁵⁶ Itong mga *nasa* hanay na ito, na may mga prayer card, tumayo sa tabing *iyang*. Iyong mga *nasa* tabing ito na may mga prayer card, tumayo rito sa daanang *ito*. Iyong may mga prayer card, *dito*, tumayo sa pasilyong *ito*.

¹⁵⁷ Ngayon, tumigil diyan ngayon. Padako tayo sa isa pang hanay sa isang sandali lamang. Iayos ang inyong pila magsiparito kayo. Ako'y. . . .

¹⁵⁸ Ngayon manatili kayo, sandali lamang, kung nasaan kayo. Tumayo lamang kung nasaan kayo, sa isang sandali lamang.

¹⁵⁹ Tingnan, ilan bang mga ministro ang naririto, na nananampalataya, mga lalaking may tunay na takot sa Diyos na nananampalatayang si Jesus Cristo ay Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, na ang Kaniyang huling tagubilin sa Kaniyang Iglesia, ay, "Ang mga tandang ito ay magsisisunod sa mga mananampalataya; kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa may-sakit, sila ay gagaling?" Ilan sa inyong mga ministro ang naniniwala riyang? Kung kayo nga ay naniniwala,

pumarito kayo at tumayong kasama ko rito, habang tayo ay nananalangin. Nang sa gayon kapag ang mga tao ay nagsigaling, makikita nilang hindi lang si Kapatid na Branham ito; kundi, kayo rin. Tumayo kayo rito, gumawa ng dalawang pila *rito* kung saan ang pila ay daraan. Ay, naku! Ano pa ang maaaring gawin ng Diyos? Wala akong nalalaman. Tingnan ninyo ang mga ministrong lumalapit upang saksihan ito. Bumaba na kayo rito, gawin ang inyong pila *rito* sa gawing ito, sa mga ministrong ito.

¹⁶⁰ [May nagsabi kay Kapatid na Branham, “Hindi ko sila mapakilos.”—Ed.] Ha? [“Ni hindi ko sila mapakilos papaba rito.”] Walang anuman iyon. Maaayos iyan. Mapapakilos natin sila.

¹⁶¹ Ngayon tatawagin ko si Kapatid na Borders, ang manedyer, upang maparito sa mikroponong ito. At nais kong panatilihin niyang maayos ang pila, sa gayon sila’y tutungo *nang* paganito, babalik paikot *ng* ganiyan, at babalik sa inyong upuan, kita n’yo, kapag kayo ay pumarito.

Ngayon lahat ng nakakarinig sa akin, itaas ang inyong kamay.

¹⁶² Tingnan, hayaan *ang mga ito*, ang pinakamalayo sa likod, ang maunang pumasok; at dumaan sa dakong ito at umikot. Pagkatapos hayaan ang susunod. Lumakad paikot, sa likuran ng mga ministrong narito, kapag kayo’y naipanalangin na, ay bumalik nang muli at maupo na kayo. Pagkatapos hayaan ninyong senyasan kayo ni Billy na umikot at sasabihin sa inyo kung paano kayo tutungo sa pila. At pagkatapos na pagkatapos nito, patatayuin natin sila sa gawing *iyon*, at dadaan sa kabilang dakong ito.

¹⁶³ Ngayon lahat, ng nakauunawa, itaas ang inyong mga kamay ngayon. Kung gayon, mabuti. Ngayon si Kapatid na Borders ay paririto sa mikropono, upang magbigay ng pagsaksi kung anong nararapat ninyong gawin. Mabuti.

¹⁶⁴ Ngayon tingnan. Ang dahilan kung bakit ginagawa ko ito, ay sapagkat nais kong maunawaan ninyo. Hindi ko kilala ang mga kapatirang ito na naririto. Kilala ko ang isa o tatlo sa kanila. Sila marahil ay Methodist, Baptist, Presbyterian. Hindi ko alam kung sino sila. Hindi ko na kailangang sabihin iyan. Kita n’yo? Ngayon, nais kong malaman ninyo na kapag ako’y nawala na . . .

¹⁶⁵ Kadalasan, ang mga ebanghelistang ay dumarating sa bayan at siya ang gumagawa ng lahat ng bagay, kita n’yo, siya ang nananalangin sa may-sakit at lahat ng bagay. Kita n’yo, hindi iyan tama. Nais kong manatiling nasa labas ng larawan.

¹⁶⁶ Nais kong makita ninyo si Jesus. Sa buong linggong ito, sinikap ko sa abot ng aking makakaya na maipakita sa inyo na Siya’y naririto. At kung kayo’y may pananampalataya, abutin lamang at tanganan Siya, hindi na ninyo kailangang magtungo sa pila. Datapuwat kung nais ninyong sundin ang Kasulatang

ito, ang Kaniyang Makalangit na Presensiya, nahawakan na ninyo ang Kaniyang damit. Tingnan na lang ninyo, kung ano, ang mga taong ito na nakatayo rito, kani-kanina lang, ang Diyos sa Langit ang nakakaalam na hindi ko sila kailanman nakita sa tanang buhay ko. At maaari akong magsimula rito, sa ilang sandali ay mawawalan ako ng malay. Ilan ang nakakaalam na si Jesus, nang mangyari iyon sa Kaniya, ang babaeng iyon na gumamit ng kaloob ng Diyos, na siya ay nanghina? Gaano karami ang nakakaalam na ang bisang lumabas sa Kaniya, ay ang Kaniyang kalakasan? At ako'y makasalanan. Datapuwat sinabi ni Jesus, "Higit pa rito ang magagawa ninyo, dahil paroroon Ako sa Ama."

¹⁶⁷ Ngayon tayo'y mag-aalay ng panalangin. At nais kong ang mga ministrong ito ay sumama sa akin. Ako'y tatayo rin dito, ipapatong ang kamay sa bawat isang may-sakit. At ngayon kung kayo ay . . .

¹⁶⁸ Tandaan! Makinig! Pakinggan ninyo Ito! Panampalatayanan ito! Maliban na kayo ay magtungo rito na nananampalataya, "Ngayon ito'y tapos na magpakailanman," huwag kayong paririto. Palulubhain lang kayo nito. Hahadlangan nito ang inyong pananampalataya. Datapuwat kung sumasampalataya kayong kayo'y nasa presensiya ni Jesus Cristo, at hindi naming mga alipin Niya. At ito'y isinasakatuparan lamang namin, mga saksi, habang ipinapatong namin ang aming mga kamay sa inyo, na nananampalataya kaming ito ang Katotohanan. At kapag ipinatong namin ang aming mga kamay sa inyo, panampalatayanan ninyo ito at lumisan kayong nagagalak, na nagsasabing, "Salamat, Panginoon! Ito'y tapos na." Huwag kayong magbago kailanman ng inyong isipan.

¹⁶⁹ Ngayon tandaan. Hayaan ninyong banggitin ko itong muli. Makinig mabuti. Ang inyong isipan ang inyong lupon ng tagahatol, sa kasong ito. At ang mga kilos ninyo mula ngayon, ay magiging, ito ang magsasaysay kung ano ang inyong kahatulan. Kayo ay tutungo rito at magsasabing, "Aba, hindi ko alam," kita n'yo, kita n'yo kung paano n'yo Siyang hinahatulan. Siya'y nasa isang paglilitis sa bawat isa sa inyo. Siya ay naririto; sa inyong presensiya. Ang Kaniyang Salita ay naririto; pinagtitibay Niya ang Kaniyang Salita. Kayo ay narito; Siya, Siya ay nililitis dahil sa inyo, hindi nililitis dahil sa akin. At kung kayo ay mananampalataya sa Kaniya at kung hinatulan ninyo Siyang tapat sa Kaniyang Salita . . .

¹⁷⁰ Ngayon halos naiayos na nila ang pila, kaya sila'y umiikot na, kita n'yo. Habang, ako ay naghihintay lang hanggang sa maisaayos niya ito. Basta magpatuloy lamang at gumawa kayo ng mahabang pila. At bumalik lang kung paano kayo pumarito, kapag kayo ay lumabas.

171 Kung kayo ay nananampalataya sa Kaniya, kung gayon ay may magaganap. Tandaan, ngayon, walang kapangyarihan sa sinumang mga ministrong ito. Walang kapangyarihan sa akin. Walang kapangyarihan sa sinumang tao, upang magpagaling. Datapuwat may kapamahalaan tayo na nagmula sa Diyos, upang gawin ito. Wala tayong kapangyarihan; mayroon tayong kapamahalaan. *Narito* ang ating kapamahalaan, ang Salita ng Diyos, at ang Presensiya ni Jesus Cristo ang nagpapatunay na Siya'y naririto. Ano? Kayo'y nararapat na gumaling, lahat kayo!

172 Ngayon iyuko nating lahat ang ating mga ulo habang tayo'y nag-aalay ng isang panalangin. At si Kapatid na Borders ay tatayo rito, mangunguna sa mga awitan at pamamahalaan ang mga tao. Habang kayo ay lumalapit ngayon, manalangin at manampalataya.

173 Lahat kayo ay magtipon, mga kapatid na ministro. Nauunawaan ba ninyo kung bakit ko ginawa ito. Na, kapag ako ay umalis, alam ng inyong kongregasyon, na ganoon din ito, ng mga taong ito na nagsigaling, na kayo ay mga alagad ng Diyos, kayo rin. Hindi ito isa lamang. Hindi lamang iisa ang alagad ng Diyos; mayroon Siyang libu-libo nito, lahat ng sasampalataya Rito. Iyuko natin ang ating mga ulo. Kayo'y mayroong katulad na karapatan upang manalangin para sa may-sakit, na gaya ko, ni Roberts, o sino pa man.

174 Makalangit na Ama, nagpapasalamat akong muli, sa aking puso, at alam kong sa mga puso ng ibang naririto. Makatuwirang ilagay Mo ito sa Salita, dahil nakita namin itong naisagawa, at alam naming ito ang katotohanan. At alam naming ito'y maisasagawa sa bawat tao. At kami ay nananalangin sa Iyo ngayon, Panginoon, isinasaayos namin ang aming sariling kaluluwa, habang alam naming Ika'y narito. Ikaw ay tumugon. Binigkas Mo ang Iyong Salita sa amin. Ika'y narito.

175 Ngayon nawa'y pahiran Mo kami, Panginoon, na kapag ipinatong namin ang aming mga kamay sa mga taong ito, na may-sakit, kahabag-habag na mga taong may karamdaman na nakaupo rito sa ulanang ito ngayong hapong ito, nawa ang bawat isa sa kanila ay gumaling, at umuwi at maging maigi. Nawa'y maging katulad sila ni Abraham, "tatawagin ang mga bagay na wala pa, na para bagang naroroon na," sapagkat ang Diyos ang nangako. At Ikaw yaong nagsabing, "Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa may-sakit, sila ay gagaling." Hindi Mo sinabing sila'y gagaling kaagad, datapuwat sinabi Mong mangyayari ito sa kanila. At sinasampalatayanan namin ito, Panginoon. Tulungan mo kami—kaming lahat na sampalatayanan ito, Panginoon, habang inihahabilin namin ang pagtitipong ito sa Iyong mga kamay. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, sinusunod namin ang Iyong mga kautusan. Amen.

176 Ngayon, umpisahan na ang pila ng panalangin. Kapatid na Borders, kunin mo ang prayer card. [Ipinanalangin ni Kapatid na Branham at ng mga ministro ang bawat isang nasa hanay ng panalangin—Ed.]

177 [Blangkong bahagi sa teyp—Ed.] . . . sumasampalataya? [Ang kongregasyon ay nagalak at nagsabi, “Amen.”] Pagpalain kayo ng Diyos.

178 Ang dahilan kung bakit idinaop ko ang aking kamay sa inyo mga kapatid na ministro, iyan ay sapagkat ilan sa inyo ay nagdurusa, rin, alam ninyo. At inilalagay ninyo ang inyong mga sarili rito upang ipanalangin ang iba, at pagkatapos ay hinahayaan na lamang ito. Ito’y hindi tama. Sumasampalataya ako, habang magkadaop ang ating mga kamay kanina, sumasampalataya ako na iginalang iyon ng Diyos.

179 At narito, ngayon, narito—narito yaong mga hindi makadalo sa pagtitipon; ngayon, tayo’y manalangin, para sa mga panyong ito.

180 Makalangit na Ama, kami ay tinuruan sa Biblia, na—na, “Kinuha nila mula sa katawan ni San Pablo, ang mga panyo at mga panapi.” Kami’y hindi si San Pablo, datapuwat Ikaw pa rin si Jesus. At nananalangin kami, Diyos, na ipahahatid Mo ang Iyong mga pagpapala kasama ng mga panyong ito, at pagalingin ang bawat isa sa kanila. Pagalingin sila, Panginoon, para sa Iyong kaluwalhatian. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, ay idinadalangin namin at ipinadala ang mga ito. Amen.

181 Nais kong sabihin ito. Na, habang ako’y nagdaraan sa hanay, ay nakakita ako ng mga kababaihan at kalalakihang may mga hawak na sanggol, at sila ay basa. Alalahanin lamang ninyo ako, mga kapatid kong pastor, na, mga ilang linggo mula ngayon ay malalaman ninyong may isang dakilang bagay na naganap dito. Sila ay gagaling. Sinasabi ko na siyamnapung porsiyento sa kanila ay gagaling. Iya’y tama. O, ako ito ay . . . hindi ko kailanman naramdaman ang ganitong anyo ng pananampalataya. Ito talaga ay kahanga-hanga. Nakita kong kayo’y . . . Ngayon kumilos lamang, magpatuloy, kumilos na para bang ito’y tapos na, kahit pa nga hindi ninyo ito maramdaman. Huwag . . . Hindi Niya kailanman sinabing, “Naramdaman ba ninyo ito?” Ang sabi Niya, “Sinampalatayanan ba ninyo ito? Pinananampalatayanan mo ba ito?” At tayo’y nananampalataya rito. At Siya ay naririto ngayon, at bigyan natin Siya-Ibigay natin sa kaniya ang papuri at kaluwalhatian, sa lahat ng Kaniyang ginawa.

182 At mga mahal na kaibigang Cristiano, alam kong tatapusin na nila ang pagtitipon sa ilang sandali, at nais kong sabihin ito sa inyo. Kung hindi ko na kayo makitang muli sa panig ng Ilog na ito, makikita ko kayo doon taglay ang gayon ding Ebanghelyong

ito, ang gayon ding Bagay na Ito. Ngayon alalahanin lamang, na kung ano'ng tinanggap ninyo sa hapong ito, ang inyong isipan ang naging lupong tagahatol ninyo. Ito'y nakapag-desisyon na, nakagawa na ng pasiya.

¹⁸³ Ngayon kayo ay patuloy lamang na kumilos. Hindi mahalaga sa akin kung kayo'y naparalisa at hindi makagalaw; patuloy lamang na panampalatayan ito. Mangyari, sinabi na Niya, "Sila ay gagaling! Sila ay gagaling!" Iyan ang sinabi ng saksi, bawat saksi ngayon. Sa kabuuan ng Biblia, Siya . . . malibang may sinabi Siyang biglaang magaganap. Datapuwat sa kasong ito, "Sila ay gagaling," iyan ang ginagawa ng pagpapatong ng mga kamay. Ngayon kung may pangitaing nakita, at nagsabing, "ito ay magaganap sa isang tiyak na panahon, sa isang tiyak na panahon," samakatuwid Siya ay magtatalaga ng isang panahon. Datapuwat sa kasong ito, ang sabi Niya, "Sila ay gagaling." Paniwalaan ninyo ito, nang buong puso n'yo. Minsan pa tayo'y umawit.

Hanggang sa ating pagtatagpo! Hanggang sa
ating pagtatagpo!

Diyos . . .

Magtatagpo sa paanan ni Jesus;

O, hanggang sa ating pagtatagpo! hanggang sa
ating pagtatagpo!

Sumainyo nawa ang Diyos hanggang sa muli
nating pagtatagpo!

¹⁸⁴ Ngayon bago pa, makipagkamay sa taong malapit sa inyo, sabihing, "Pagpalain ka ng Diyos, kaibigang Cristiano." Huwag umalis. Manatili lamang, makipagkamay sa lahat. "Pagpalain ka ng Diyos, kaibigang Cristiano." Pagpalain ka ng Diyos, Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, Roy.

¹⁸⁵ Ngayon itaas natin ang ating mga kamay kay Cristo, at umawit.

Hanggang sa ating pagtatagpo! (Ipikit natin
ang ating mga mata at itaas natin ang ating
mga kamay ngayon.) Hanggang sa ating
pagtatagpo!

Magtatagpo sa paanan ni Jesus!



ISANG PAGLILITIS TAG64-0405
(A Trial)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, unang ipinangaral sa wikang Ingles noong Linggo ng hapon, Abril 5, 1964, sa 4-H Club Barn sa Louisville, Mississippi, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilathalang walang pagbabago sa wikang Ingles. Ang saling ito sa Filipino ay nilimbag noong 1996 ng:

TAGALOG

©1996 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org